| Aralin 2 | الدرس الثاني |
| --- | --- |

## 2. Tawhíd al-Ulúhíyah o Kaisahan sa Pagkadiyos

Ang Tawhíd al-Ulúhíyah ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa lahat ng mga uri ng pagsamba: hindi gagawan ng tao si Allah ng isa pang sasambahin at pag-uukulan ng pagsamba. Ang uring ito ng Tawhíd ay ang dahilan kung kaya nilikha ni Allah ang mga nilikha, gaya nga ng sinabi Niya (51:56): **"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."** Ito rin ang dahilan kung kaya isinugo Niya ang mga propeta at ibinaba Niya ang mga Banal na Aklat, gaya nga ng sinabi Niya (21:25): **"Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng sugo[1] kung hindi Namin isiniwalat dito na walang Diyos kundi Ako, kaya sambahin ninyo Ako."** Ang uring ito ng Tawhíd din ang ikinaila ng mga Mushrik[2] noong anyayahan sila ng mga sugo sa Tawhíd (7:70): **"Sinabi nila: "Dumating ka ba sa Amin upang sambahin namin si Allah lamang at iwan namin ang sinasamba noan ng aming mga ninuno?…"**

Dahil dito, hindi matatanggap na magbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah, ni sa anghel na malapit kay Allah, ni sa propeta na isinugo, ni sa matuwid na tao, at ni sa isa man sa mga nilikha sapagkat ang pagsamba ay hindi magtatanggap kung hindi ukol kay Allah.

---

[1] Kapag binanggit ang salitang **sugo** o **isinugo** sa lathalain natin, ang tinutukoy natin ay isang propetang sugo o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propetang sugo o isinugo. Ang sugo sa Islam ay ang pinakamataas na antas na maaaring marating ng isang tao. Ang sugo ay higit na mataas kaysa sa propeta sapagkat ang bawat sugo ay isang propeta rin ngunit ang karamihan sa mga propeta ay hindi sugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na "S" at ang Propeta na may malaking titik na "P" ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

[2] Taong gumagawa ng Shirk o lumalabag sa Tawhíd. Sa kabuuan ang Mushrik ay ang sinumang naniniwalang may iba pang Panginoon bukod pa kay Allah, ang namumukod-tanging tunay na Diyos, at sumasamba sa iba pa kay Allah.